ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LIV Blg. 21
Nobyembre 7, 2023
www.philippinerevolution.nu

**EDITORYAL**

# Anti-imperyalistang armadong paglaban ang kailangan sa buong mundo

Upang panatilihin at palawakin ang pang-ekonomya at pampulitikang interes nito sa Middle East, todo-todo ngayon ang pagbibigay ng imperyalismong US ng ayudang militar sa Zionistang Israel para supilin ang pakikibaka ng mamamayang Palestino para sa pambansang paglaya. Sa maling pag-aakalang tuluyang magagapi ang determinasyon ng mamamayang Palestino na lumaban, inengganyo at sinuportahan ng US ang walang habas na pambobomba ng mga Zionista sa Gaza na pumatay sa mahigit 10,000 Palestino, kabilang ang mahigit 4,100 bata. Tigmak sa dugo ng mamamayang Palestino ang kamay ng imperyalismong US at Zionistang gubyerno ng Israel.

Todo-buhos ang suporta ng US sa Zionistang Israel sa henosidyo laban sa mga Palestino sa anyo ng bagong $14.5 bilyong ayudang militar, pagpakat ng mga barkong pandigma, submarino at armas nukleyar sa Mediterranean Sea, pagpapalipad ng Reaper drones, at iba pang panghihimasok. Upang balutin sa bakal ang Israel, binabantaan at inaasinta ng US ang mga bansa at pwersang nakikiisa sa mamamayang Palestino, tulad ng Iran ang Lebanon. Binomba ng US ang katabing bansang Syria.

Ang pagsupil ng US, katuwang ang mga Zionista sa Israel, sa pakikibaka ng mamamayan ng mga Palestino ay bahagi ng kontradiksyon sa pagitan ng imperyalismo at mga aping mamamayang naghahangad ng pambansang kalayaan. Partikular na layunin ng imperyalismong US na panatilihin ang kapangyarihan nito sa Middle East sa pamamagitan ng gubyernong Israel, upang pangalagaan ang interes nito sa rekurso ng langis sa rehiyon.

Sa kabila ng katotohanang kalaban nila ang pinakamalaking dambuhalang kambal-halimaw sa buong mundo—ang US-Israel—ipinamamalas ng mamamayang Palestino ang bakal na kapasyahan, tapang at kahandaan sa sakripisyo, na wakasan ang kanilang kaapihan, at ipaglaban ang kanilang karapatan sa pambansang pagpapasya-sa-sarili. Kailangan nilang tanganan ang kanilang mga sandata upang labanan ang armadong panunupil laban sa kanila. Kung wala silang armadong pakikibaka, habampanahon silang mananatiling bilanggo sa sarili nilang lupa.



Ang pakikibaka ng mamamayang Palestino ay karugtong ng pakikibaka ng uring manggagawa at mamamayan sa buong daigdig laban sa mapagsamantala at mapang-aping sistema sa ilalim ng paghahari ng imperyalismo. Katulad ng mamamayang Palestino, kailangan ng lahat ng aping uri at mamamayan ang armadong pakikibaka, kaakibat ang kanilang mga kilusang masa, upang labanan ang naghaharing estado na gumagamit ng ar-

madong dahas para panatilihin ang sistemang mapang-api at mapagsamantala.

Sa maraming bansang malakolonyal at malapyudal, ang armadong pakikibaka ay nag-aanyong matagalang digmang bayan para kubkubin ang kalunsuran mula sa kanayunan. Isinusulong ito kaakibat ang malawak na demokratikong kilusang masa. Sa mga industriyalisadong bansang kapitalista, ang lahat ng hayag pakikibaka ng masang manggagawa at anakpawis ay paghahanda sa isang armadong insureksyon sa hinaharap upang ibagsak ang estadong burges.

Muling pinatutunayan ng pagpupunyagi ng mamamayang Palestino sa landas ng armadong paglaban na ang mga mamamayan at mga uring dumaranas ng pinakamalulupit na anyo ng pang-aapi at pagsasamantala ang pinakadeterminadong magsulong ng pakikibaka para sa paglaya. Tulad ng mga Palestino, determinadong lumaban ang mga api at pinagsasamantalahang uri at mamamayan sa Pilipinas, India, Turkey, Myanmar, Kurdistan at iba pang bansang atrasado o malakolonyal at malapyudal. Sa mga bansang ito, pinakamasahol ang dinaranas na kagutuman at kahirapan ng mayorya ng mamamayan. Batid nilang wala nang ibang landas para baguhin ang kanilang kapalaran kundi ang landas ng sandatahang paglaban.

Tulad sa Palestine, hindi mapapatay ang apoy ng armadong pakikibaka, ang pinakamataas na anyo ng paglaban na kailangan para durugin ang armadong reaksyunaryong estado at wakasan ang pasista at teroristang paghahari nito.

Sa iba't ibang panig ng daigdig, tuluy-tuloy na sumisiklab ang mga protesta ng laksa-laksang mamamayan para wakasan ang brutal na pagsakop sa Palestine. Bilang pakikiisa sa mamamayang Palestino sa armadong pakikipagtuos sa teroristang estado ng Zionistang Israel, marapat lamang na ilunsad ng mga armadong rebolusyonaryo sa iba't ibang panig ng mundo ang mga taktikal na opensiba para hambalusin ang imperyalismo at lahat ng sumusuporta sa henosidyo sa Gaza.

Habang naglulunsad ng gera ng panghihimasok sa Middle East, pinaiigting rin ng imperyalismong US ang mga sigalot sa iba't ibang panig ng mundo. Pinaiigting ng US ang tunggalian nito sa mga karibal na imperyalistang kapangyarihan sa pangunguna ng China at Russia. Sa Europe at Asia, maging sa Africa, kaliwa't kanang mga gera ang ginagatungan ng US. Sisindihan at gagamiting dahilan ng US ang lahat ng sigalot na pwede nitong pasiklabin sa iba't ibang panig ng mundo upang palawakin ang saklaw ng kapangyarihang militar nito at bigyan ng pagkakataong magkamal ng tubo ang mga kapitalistang militar nito.

Bago sumiklab ang paglaban ng Palestine, ang 20-buwang gera sa Ukraine ang sentro ng imperyalistang salpukan sa pagitan ng US at mga alyado nito sa NATO kontra sa Russia. Sa Asia, tuluy-tuloy na pinalalaki ng US ang presensyang militar nito para palibutan at udyukan ang karibal na China. Sinusulsulan ng US ang paghihiwalay ng Taiwan sa China, ginagawang militarisado ang South China Sea sa pamamagitan ng pagkaladkad sa mga alyado sa mga "war games," at pinatitindi ang tensyon sa pagitan ng China at Pilipinas.

Armadong rebolusyon ang pinakamabisang paraan para pigilan at apulain ang mga gerang inter-imperyalista na sinisindihan ng US sa iba't ibang panig ng mundo, kumakaladkad sa maliliit na bansa, at nagdadala ng napakalaking pinsala at pasakit sa daan-daang milyong mamamayan. Sa pamamagitan ng armadong pakikibaka sa Pilipinas at pagbatak sa mga papet na tropa ng US, nahahadlangan ng rebolusyonaryong kilusan ang pagsiklab ng gera; at kung hindi mapigilan, tiyak na sasamantalahin para ibayong mapalakas at mapalawak ang armadong rebolusyon.

Sa pamumuno ng Partido, buo ang kapasyahan ng uring manggagawa at masa ng sambayanang Pilipino na isulong ang armadong paglaban. Determinado ang mga rebolusyonaryong pwersa na tuluy-tuloy na palakasin ang BHB at isulong ang digmang bayan para wakasan ang imperyalistang pang-aapi, agawin ang kapangyarihang pampulitika at itatag ang bagong demokrationg gubyernong kakatawan at mamumuno sa bansa tungo sa malaya at maaliwalas na kinabuksan. AB

ANG Bayan

Tomo LIV Blg. 21 | Nobyembre 7, 2023

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

## Nilalaman

**Editoryal:** Anti-imperyalistang armadong paglaban ang kailangan sa buong mundo 1
Armadong pagpupunyagi sa Gaza 3
1-linggong opensiba sa Myanmar, inilunsad 4
Gaza, ginawang libingan ng mga bata 5
15-anyos at isa pa, ginahasa ng mga sundalo 6
250 pabrika sa Bangladesh , nagsara 6
Mga protesta 6
Sa madaling salita 7
Kabulukan ng BSKE 2023 8
Iligtas ang Cancabato Bay sa reklamasyon 9
Paghaharing militar ng 8th ID sa Samar 10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

# Armadong pagpupunyagi sa Gaza laban sa henosidyo ng Israel at US



Matapos ang 20 araw ng pagbabanta ng "todo-todong pananakop" sa Gaza, nilusob ng limitadong tropa ng Zionistang Israel ang hilagang bahagi ng lupain ng mga Palestino noong Oktubre 27. Sa kober ng malawakang pambobomba na tumarget sa mga kable at linya ng komunikasyon, buong yabang na pumasok ang mga tropang lulan ng mga tangke, buldoser, *armored vehicle* at iba pang sasakyang militar.

Sinalubong sila ng mga bomba, eksplosibo, mortar at granada ng mga mandirigma ng Izz ad-Din al-Qassam Brigades, ang armadong bisig ng grupong Hamas (Islamic Resistance Movement). Sa gitgitang mga labanan ng tangke laban sa mandirigma, ipinamalas ng al-Qassam ang malalim na kaalaman nito sa mga taktika at kagamitang Israeli.

Ayon sa tagapagsalita nitong si Abu Obeida, napasabog at nawasak ng al-Qassam ang di bababa sa 22 sasakyang militar sa unang 48 oras pa lamang ng pananakop. Sa pangalawang pagkakataon, nagulantang nito ang Israeli Defense Forces (IDF), na karamihan ay walang karanasan sa aktwal na kombat. Marami ang napatay sa IDF, kabilang ang kumander ng batalyon ng mga tangke.

Tiwala ang Hamas na magagapi nito ang anumang pwersang Israeli sa lupa kung saan superyor ang bentahe nito sa tereyn at suportang masa. Mabilis at lihim na nakapaglipat-lipat ang mga mandirigma nito gamit ang milya-milyang mga *tunnel* o lagusan sa ilalim ng Gaza. Ang mga *tunnel* na ito ay hindi nawawasak ng pambobomba, hindi maaaring pasukin ng mga tangke at may sariling sistema ng komunikasyon na hindi saklaw ng elektronikong sarbeylans ng Israel.

Ang Hamas ang naghaharing partido sa Gaza. Produkto ito ng unang *intifada* o pag-aaklas ng masa noong 1987 at may malapit na ugnayan sa ibang Islamikong grupo sa Middle East. Noong 2006, nahalal itong tagapamahala ng Gaza. Hindi nito binitawan ang armadong paglaban bilang pangunahing sandata laban sa brutal na pananakop ng Israel. Sa nagdaang mga taon, nagpaunlad ito ng sariling produksyon ng mga mortar, *rocket-propelled grenade* (RPG), sasakyang pangsisid, *drone* at iba pang armas.

Katuwang ng mga operasyon ng Hamas ang ibang mga armadong grupo sa Gaza tulad ng Al-Quds Brigade, Islamic Jihad at Popular Liberation Front of Palestine.

Una nang ginulantang ng al-Qassam ang Zionistang Israel nang ilunsad nito ang Al-Aqsa Flood noong Oktubre 7. Hindi napigilan, o natiktikan man lamang, ng mga abanteng sistema ng sarbeylans, *drone*, kagamitang elektroniko, mga satelayt at kahit ng araw-araw na pang-aatake ng mga pwersang Israeli ang sorpresang atakeng ito.

Ayon kay Obeida, produkto ang operasyon ng ilang taong paghahanda at pagsasanay, pag-aaral sa katangian at kagamitan ng kaaway, at panlalansi sa dambuhalang sistema ng paniktik nito. Planado, mabilis at malinaw ang mga layunin ng pang-aatake na isinagawa mula sa lupa, tubig at maging sa ere gamit ang mga *paraglider*.

Bilang ganti sa kahihiyang natamo sa operasyon, naghuramentado ang Israel. Katuwang ang US, pinakawalan nito ang pinaigting na kampanyang henosidyo sa sibilyang populasyon ng Gaza. Noong Nobyembre 2, nasa 25,000 toneladang bomba na ang ibinagsak ng US at Israel sa Gaza, katumbas ng dalawang bombang nukleyar. Walang awat ang pangwawasak nito sa mga bahay, ospital, paaralan, simbahan, sentro ng ebakwasyon at mga imprastruktura ng tubig, kuryente at telekomunikasyon.

Mula Oktubre 7, mahigit 10,000 na ang napatay sa pambobomba ng Israel, higit 4,100 mga bata at higit 2,600 kababaihan. Mahigit 500 na ang mga masaker ng buu-buong pamilya. Walang ligtas sa Gaza, target maging ang mga mamamahayag at mga ambulansya.

Kasabay ng pambobomba ang pag-*hostage* ng Israel sa mga sibilyang Palestino. Nasa 4,000 manggagawang Palestino ang hinostage nito sa mga kampo militar ng IDF. Umaabot naman sa 1,070 ang arbitraryong inaresto sa West Bank at East Jerusalem. Dumaranas sila ng matitinding tortyur, pambubugbog, pagpapahiya at pananakit sa kamay ng mga sundalo at armadong setler na Israeli.

Sa kabila ng terorismo ng Israel, nagpahayag ang Hamas ng kahandaan na palayain ang lahat ng mga binihag nito sa Al-Aqsa Flood sa pamamagitan ng negosasyon. Sa aktwal, nagpalaya na ito ng mga babae, bata at matatanda sa makataong mga batayan. Ibinunyag mismo ng mga napalaya ang maayos at patas na pagtrato sa kanila ng mga mandirigma. AB

# Mga grupong kontra-hunta, naglunsad ng 1-linggong opensiba sa Myanmar

Hindi bababa sa 100 detatsment ng reaksyunaryong hukbo ng Myanmar ang nagapi ng mga armadong pwersang kontra-hunta sa halos 1-linggong koordinadong opensiba nito sa rehiyon ng Shan. Apat na syudad ang naagaw at daan-daang armas, mortar, kanyon at mga bala, pati anim na tangke at isang *armored vehicle*, ang nasamsam.

Binansagang Operasyon 1027, nagsimula ang mga opensiba noong Oktubre 27. Inilunsad ito ng Three Brotherhood Alliance, isang alyansang binubuo ng Arakan Army, Ta'ang National Liberation Army at Myanmar National Democratic Alliance Army, pawang mga hukbo ng mga etnikong grupo sa Myanmar. Sa isang pahayag, sinabi ng alyansa na bunsod ang opensiba ng kagustuhang "ipagtanggol ang mga sibilyan, igiit ang karapatan na depensahan ang sarili, panatilihin ang kontrol sa sariling mga teritoryo at harapin ang mga pang-aatake at pambobomba ng hunta-militar." Sa kagyat, layunin nitong itaboy ang hunta mula sa hilagang bahagi ng Shan. Sa pangmatagalan, determinado itong tuluy-tuloy na lumaban hanggang lubusang magapi ang diktadurang militar, isang komun na aspirasyon ng mamamayan sa Myanmar.

Bilang suporta, magkasabay na inatake ng mga pwersa ng People's Defense Forces, Kachin Independence Army at Karen National Liberation Army ang mga pwersa ng hunta sa kani-kanilang mga saklaw. Maraming iba pang armadong grupong etniko ang sumuporta at aktwal na lumahok sa mga opensiba.

Ayon sa pahayag ng alyansa, mahigit 100 tropa ng hunta ang napatay at marami ang nasugatan sa unang limang araw pa lamang ng opensiba. Mahigit 60 tropa, kabilang ang isang buong yunit na may 41 sundalo, ang sumuko imbes na lumaban.

Bilang ganti, pinatindi ng hunta ang pambobomba mula sa ere sa mga sibilyang komunidad sa Shan. Mahigit 25,000 na ang napilitang lumikas sa kanilang mga komunidad at sumukob sa katabing mga estado o tumawid sa China.

Ang Shan State ay isang rehiyon na matatagpuan sa hangganan ng Myanmar at China. Mayor na ruta ito ng kalakalan sa pagitan ng dalawang bansa. Tumatawid din dito ang dalawang *pipeline* kung saan dumadaloy ang milyong kubiko metrong langis mula sa mga *offshore rig* ng Myanmar tungong China. Krusyal ang rehiyon sa proyektong One-Belt-One-Road ng China.

Noong Oktubre 31, inianunsyo ng alyansa na naagaw nito ang anim na bayan sa Shan, kabilang ang dalawa kung saan dumadaan ang mga eksport ng hunta tungong China. Dahil apektado ang komersyo, nanawagan na ang China ng "kagyat na tigil-putukan" para hayaang makatawid ang mga trak na nagdadala ng mga produkto.

### "Naglalagablab" na brutalidad

Mula nang inagaw ng hunta ang estado poder noong 2021, umaabot na sa 4,000 sibilyan ang pinatay nito at mahigit 10,000 ang arbitraryong ikinulong.

Noong Oktubre 24, inilabas ng United Nations (UN) ang espesyal na ulat na nagdetalye ng mga krimen sa digma at krimen laban sa sangkatauhan ng hunta. Pinakamatitingkad ang walang pakundangang pagtarget sa mga sibilyan gamit ang mga bomba, pagpatay sa mga sibilyan o kombatant na nadadakip sa mga operasyon at malawakan at sadyang panununog ng mga bahay at iba pang sibilyang imprastruktura.

Sa huling mga buwan lamang, tumaas nang 600% ang bilang ng mga *airstrike* ng hunta kumpara sa nakaraang taon. Isa sa pinakahuling kaso ang pambobomba sa isang *refugee camp* sa Mung Lai Hkyet sa Kachin State noong gabi ng Oktubre 7. Dalawampu't walong *refugee*, kabilang ang siyam na bata, ang agad na namatay. Mahigit 60 ang nasugatan.

Laganap ang maramihang pagpaslang sa mga sibilyan at sugatang mandirigma sa rehiyon ng Sagaing. Ang mga sadyang panununog naman ng mga bahay, tindahan, simbahan at mga sasakyan ay naitala sa mga rehiyon ng Sagaing, Magway, Chin, Kayin at Kayah. May mga kaso na buong komunidad ang sinunog.

Sapat ang ebidensyang nakalap ng UN kaugnay sa pagsasagawa ng mga pwersa ng hunta ng "pinakamataas na antas na pagmamalupit at pinsala" sa mga biktima nito tulad ng panggagahasa gamit ang mga bagay at iba't ibang porma ng pagpapahiya, mutilasyon, *gang* o *serial rape* at sekswal na pang-aalipin. Kabilang sa mga biktima ay mga bata. AB



# Gaza, ginawang libingan ng mga bata



Nakapanayam ng Ang Bayan si Kasamang Coni Ledesma upang alamin ang pananaw ng Special Office for the Protection of Children ng National Democratic Front of the Philippines tungkol sa sitwasyon ng mga bata sa Gaza sa gitna ng walang habas at walang pinipiling mga atake ng Israel. Ayon sa iba't ibang mga balita, mistulang libingan na ang Gaza ng mga bata, kung saan 'di bababa sa 40% ng mga napatay na Palestino, at papalaki pa, ay mga bata.

**Ang Bayan (AB):** Kaugnay ng napapanahong pahayag ng NDFP SOPC hinggil sa pagmonitor at pagtiyak sa karapatan ng mga bata sa gitna ng mga armadong tunggalian, ano ang tindig ng NDFP sa patuloy na okupasyon at paglabag sa karapatang tao sa Gaza?

**Coni Ledesma (CL):** Malaon nang naninindigan ang NDFP para sa mga karapatan ng mamamayang Palestino para sa kanilang lupain. Ang kasalukuyang digmaang inilulunsad ng Hamas at mamamayang Palestino ay gera para sa pambansang paglaya.

Ang nangyayari ngayon sa Gaza ay *genocide*. Ang ginagawa ng Israel ay lantarang paglabag sa International Humanitarian Law.

At ang pinakamasahol na trahedya ay mga bata ang pinakamalaking biktima ng gerang ito. Tinatayang nasa 40% ng mga biktima. Hindi pa kasama rito ang mga bagong panganak na sanggol na nangamatay sa mga incubator dahil sa kawalan ng langis – langis na hindi pinapayagan ng Israel na makapasok sa Gaza.

Pinapatay ng gera sa Gaza ang kinabukasan ng mamamayang Palestino. Pero matatag ang mamamayang Palestino. Lagpas 75 taon na silang nakikibaka para makabalik sa kanilang lupa. Maaaring mapatay ng mga bomba ang daan-daan sa kanila, pero daan-daang higit pa ang babangon at ipagpapatuloy ang kanilang pakikibaka.

**AB:** Ano ang pagkakahalintulad at pagkakaiba ng sitwasyon ng mga bata sa gitna ng armadong tunggalian sa Pilipinas at Palestine?

**CL:** Ang mga Palestino ay pinalayas sa kanilang lupain. Sa isang bahagi, may pagkakahalintulad ito sa mga Lumad na napilitang lumikas sa kanilang mga lupain at tahanan dahil sa militarisasyon. Tulad ng mga Palestino, ang mga Lumad at iba pang mamamayang Pilipino sa kanayunan ay binobomba. Ang mga Palestino ay biktima ng pambobomba ng Israel at ang mga Pilipino sa kanayunan ay binobomba ng reaksyunaryong militar.

Ang pagkakaiba ay lahat ng mamamayan ng Gaza ang target ng pambobomba, istraping at pang-aaresto ng Israel. Mga ordinaryong mamamayan silang winasak ang mga tahanan at pinatay ang mga kapamilya. Sa kaso ng Pilipinas, ang target ng (pambobomba ng) militar ay mga mamamayan sa kanayunan na pinararatangang mga tagasuporta ng New People's Army, at hindi ang mga mamamayan na nasa mga syudad.

**AB:** Ano ang mga hakbang na ginagawa ng NDFP upang mapatampok ang malulubha at masasahol na paglabag na ito sa lokal at internasyunal na antas?

**CL:** Naglabas ng pahayag ng pagkundena ang NDFP sa agresyon ng Israel. Naglabas din ng pahayag ang Special Office of the Protection of Children bilang pagkundena sa pagpatay sa mga bata sa Gaza. Naglabas na rin ng makailang pahayag ang PKP bilang pagkundena sa agresyon.

Bukod sa mga ito, ang mga pwersa ng NDFP sa Pilipinas at ibang bansa ay lumalahok sa iba't ibang mga pagkilos laban sa genocidal war ng Israel.

**AB:** Ano ang dapat na gawin ng mga tagapagtanggol ng karapatan ng mga bata, tagapagtanggol ng karapatang-tao, mga mamamayang mapagmahal sa kalayaan at mga rebolusyonaryo sa Pilipinas at sa buong mundo sa harap ng papatinding mga Zionistang atake sa mamamayan at batang Palestino?

**CL:** Una sa lahat, minumungkahi kong magkaroon ng mga porum at iba pang mga talakayang magbibigay-impormasyon sa publiko tungkol sa mga dahilan sa likod ng pag-atake ng Israel sa mamamayang Palestino. Kailangang matalakay ang kasaysayan ng mga Palestino na pinalayas sa kanilang lupain. Marami pa rin ang naniniwala na ang Israel ang naagrabyado. Hindi nila alam na ang mga Palestino ay inagawan ng kanilang lupang tahanan at naninirahan ngayon sa isang okupadong teritoryo.

Nananawagan din ako sa lahat ng mamamayang mapagmahal sa kalayaan, hindi lamang sa Pilipinas kundi sa buong mundo, na lumahok sa mga pagkilos na nananawagan sa pagpapatigil sa gerang agresyon ng Israel. Tanging ang nagkakaisang tinig ng mamamayan ng daigdig ang makakapagpatigil sa gerang ito. AB

# 15-anyos at isa pa, ginahasa ng mga sundalo ng 94th IB

Dalawang kaso ng panggagahasa ng mga sundalo ng 94th IB ang iniulat ng mga residente ng Barangay Carabalan, Himamaylan City, Negros Occidental. Naganap ang krimen nang magdaos ng bayle (sayawan) ang mga sundalo sa barangay noong huling linggo ng Agosto. Sa gabi ng sayawan, nasaksihan ng mga residente ang paglapit ng limang lalaking sundalo ng 94th IB at pamimilit nilang isama ang 15-anyos at isa pang dalaga sa kanilang kampo.

Namukhaan ng mga residente ang lima na mga tropang kabilang sa Retooled Community Support Program (RCSP) na namamalagi sa lugar. Ayon sa pamilya ng mga biktima, nakasuot ng unipormeng militar nang umuwi kinabukasan ang dalawang dalaga.

**Pagpatay.** Binaril ng hindi pa kilalang mga personahe ang mamamahayag na si Juan Jumalon ng 94.7 Calamba Gold FM sa Calamba, Misamis Occidental habang nagbabalita sa radyo noong Nobyembre 5 ng umaga. Nakunan sa live na bidyo sa Facebook ang pagbaril sa kanya.

Sa Sorsogon, pinatay ng mga bayarang *hitman* ng militar ang magsasakang si Arnel Halum noong Nobyembre 5 sa Sityo Kamandag, Barangay San Pascual, Casiguran. Tumutulong siya sa kanyang bayaw sa pagbubunot ng niyog nang pagbabarilin.

**Pag-aresto.** Itinago ng 203rd IBde at pinagkaitan ng mga karapatan ang mga Pulang mandirigma na sina Sonny Rogelio (Ka Ed) at Sonny Sambutan (Ka Omeng) na nadakip noong Oktubre 17 sa Sityo Manambao, Barangay Santa Cruz, Bongabong, Oriental Mindoro. Natunton ng pamilya si Rogelio noong Nobyembre 2 sa AFP Medical Center sa V. Luna, Quezon City. Hindi pa nahahanap hanggang sa kasalukuyan si Sambutan.

Sa Camarines Norte, dinakip at ikinulong ng 9th IB ang katutubong si Erick Andaya noong Setyembre 23 sa Barangay Malaya, Labo. Kasama ang biktima ng kanyang mga katribu na nagsipagtakbuhan nang pagbabarilin ng mga sundalo.

**Blokeyo sa pagkain.** Nagdudulot ng malawakang gutom at kahirapan ang blokeyong pang-ekonomya na ipinapataw ng mga yunit ng 2nd ID sa Barangay Lumutan at Barangay Pagsangahan, General Nakar, Quezon. Ang blokeyo ay ipinataw ilang linggo mula nang simulan ng 80th IB, 1st IB at ng pulis ang operasyong kombat sa bayan noong Setyembre.

## 250 pabrika, isinara ng mga protesta sa Bangladesh

NAGSARA ANG MAHIGIT 250 pabrika ng damit sa Bangladesh mula nagdaang linggo sa harap ng pagprotesta ng libu-libong manggagawa rito. Pumutok ang galit ng mga manggagawa matapos ang alok ng Bangladesh Garment Manufacturers and Exporters Association (BGMEA), samahan ng mga may-ari ng pabrika, sa kakarampot na 25% pagtaas sa buwanang minimum na sahod o 10,400 taka ($90) mula sa kasalukuyang 8,300 taka ($75 o ₱4,125). Malayong-malayo ito sa iginigiit nilang pagtaas tungong 23,000 taka ($209) na anila'y "pinakamababang minimum" para mabuhay nila ang kanilang mga pamilya. Huling nagkaroon ng negosasyon para itaas ang kanilang sahod noong 2017.

Bilang tugon, marahas na binuwag ng mga pulis ang mga protesta sa pamamagitan ng *tear gas*, *sound grenade* at *shotgun pellets*. Dalawang manggagawa ang napatay sa mga pagbuwag na ito.

**Palayain ang Palestine!** Higit 600 ang nagprotesta sa embahada ng Israel sa Bonifacio Global City, Taguig City noong Oktubre 31, para batikusin ang okupasyon, walang-tigil na pambobomba, at henosidyo ng Zionistang gubyerno ng Israel sa Gaza. Pinangunahan ang protesta ng International League of Peoples' Struggles (ILPS) at Bagong Alyansang Makabayan (Bayan). Bago nito, nagprotesta ang mga Moro sa Maynila noong Oktubre 26 bilang bahagi ng serye ng mga protestang inilunsad sa Bangsamoro sa nakaraang mga linggo. Nagkaroon din ng protesta sa Cebu.

**Ilitaw ang mga desaparesidos.** Nagtipon ang mga pamilya, tagasuporta at grupo ng karapatang-tao sa Quezon City noong Nobyembre 2 para muling ipanawagan ang paglilitaw sa mga biktima ng sapilitang pagkawala ng estado. Sa ilalim ni Marcos Jr, 11 na ang naitalang desaparesido.

**Protesta kontra taas-presyo ng petrolyo**. Isang koordinadong protesta ng mga drayber at opereytor ng dyip ang isinagawa sa Metro Manila noong Oktubre 24 para batikusin ang muling pagtataas ng presyo ng mga produktong petrolyo sa ika-13 pagkakataon mula noong Hulyo. Sa huling pagtataas, tinatayang umabot na sa ₱19/litro ang idinagdag sa *diesel* habang halos ₱14/liter ang nadagdag sa presyo ng gasolina at *kerosene* mula simula ng taon. Nagkaroon ng kasabay na protesta sa mga syudad ng Baguio at Cebu, at sa Iloilo at Bacolod isang araw bago nito.

**Tamang kumpensasyon sa mga *rider*, ibigay.** Daan-daang *rider* o mga tagadeliber ng kumpanyang Grab ang nagprotesta sa Quezon City noong Oktubre 25 para batikusin ang hindi makatarungang pagkakaltas ng ₱10 na kita nila kada deliberi. Dahil sa kaltas, ang dating ₱45 na minimum na kita nila kada deliberi ay magiging ₱35 na lamang. Kinundena rin ng grupo ang pagtanggal ng Grab sa siyam na drayber na lumahok sa asembleya noong Oktubre 19.



**Nobyembre 8, 2013**
nilamon ng tubig ang
**Tacloban City**
sa gitna ng superbagyong

**YOLANDA**

kung saan umabot sa

# 10,000

ang tinayang
**namatay** o **nawala**.



# $14.3 bilyon

**ayudang militar** ang panukalang ibigay ng **US** sa **Israel** sa gitna ng mga **krimen sa digma** at **henosidyo** nito sa **Gaza** na malawak na kinukundena maging sa loob ng US.

# 120

bansa ang pumabor sa resolusyon sa **United Nations** para sa **"humanitarian truce"** sa Gaza noong Oktubre 27, habang 14 ang kumontra sa tulak ng US at Israel, at 45 ang nag-*abstain*, kabilang ang Pilipinas.

# 5.9 milyon

Palestinong distiyero sa buong mundo, karamihan mga inapo ng mga pamilyang napalayas noong panahon ng **Al Nakba**. Sila ang pinakamalaki at pinakamatagal nang grupong *refugee* sa mundo.

# 57.37%

itinaas ng bayad-utang ng Pilipinas noong Setyembre 2023 kumpara sa Setyembre 2022, kasabay ang paglaki ng utang **mula P13.5 trilyon tungong P14.2 trilyon** sa parehong panahon.

# 160,000

**kaso laban sa Monsanto** (pag-aari ngayon ng Bayer) kaugnay sa masamang epekto ng pestisidyong **Roundup** sa kalusugan ng tao.

MONSANTO

Nitong Nobyembre, inutusan ng isang korte sa US ang kumpanya na magbayad ng danyos na **$332 milyon** sa isang nagkakanser dahil sa pestisidyo.

# 90%

**ng datos sa mga "internet cloud" o mga** *data center* **ay sinasabing "junk" o basura.**

Ayon sa mga kritiko, maaksaya sa rekursong enerhiya at tubig ang mga *data center* (na binubuo ng 100 milyon *computer server*) tulad ng pinatatakbo ng Google at Microsoft.

# Kabulukan ng nagdaang eleksyong pambarangay

Muling tumambad sa nagdaang eleksyong pambarangay ang kabulukan ng reaksyunaryong eleksyon sa Pilipinas. Tulad sa nakaraan, kinasangkapan ito ng mga dinastiyang pampulitika para konsolidahin ang kanilang kapangyarihan at maghanda para sa susunod na mga eleksyon.

Mula Agosto 28 hanggang araw ng botohan noong Oktubre 30, laganap ang karahasan at panggigipit ng mga pulitiko sa kanilang mga katunggali, pagbili ng boto, pakikialam ng malalaking pulitiko, panginoong maylupa at negosyante, at panghihimasok ng militar.

Nasa 32 insidente lamang ng karahasang may kaugnayan sa eleksyon ang naitala ng Commission on Elections (Comelec). Sa mga kasong ito, 19 katao ang pinatay habang 19 ang nasugatan. Sa ulat ng ahensya, wala pang 200 ang kaso ng pagbili ng boto. Lubhang malalayo ang bilang na ito sa katotohanan.

**Laganap na bilihan ng boto**

Sa Bukidnon pa lamang, naiulat ang bilihan ng boto sa lahat ng 464 barangay ng prubinsya. Milyun-milyong pisong pondo ang ibinuhos ng mga pulitiko at negosyante ng prubinsya para tiyakin ang pagkapanalo ng kanilang mga "manok." Nasa ₱700-₱1,000 ang bilihan ng kada boto para sa pagkakapitan.

Suportado ng bulok na mga kandidato ang notoryus na mga kriminal kabilang ang pamilyang Delamace sa Cabanglasan na kumukontrol sa tatlong barangay (Freedom, Dalacutan at Silae). Patung-patong ang krimen ng pamilya sa mga residente, kabilang ang pambubugbog, pang-aagaw ng lupa at pagpatay sa kanilang mga kalaban.

Sa bayan ng San Fernando, walang ginawang aksyon ang mga pulis at sundalo sa paghahasik ng takot ni Nonong Salusad, pinuno ng paramilitar. Kinikilan niya ng ₱200,000 ang mga tumakbo sa pagkakapitan sa limang barangay. Sa Barangay Kibungkog, kinulimbat niya ang ₱750,000 pondo ng dalawang kandidatong kapitan na kalaban ng kanyang sinusuportahan.

Sa Sorsogon, naitala ang bilihan ng boto na ₱300-₱1,300 para sa pagkakapitan. May mga kaso na parehong tau-tauhan ng meyor ang tumakbong magkalabang kapitan.

Kasabwat ng pinakamalalaking pulitiko ang mga sundalo at pulis. Sa Sorsogon, nagpakat ang mga sundalo ng tig-iisang iskwad sa mga barangay simula Oktubre 27. Sa Laguna, nagtambak ng mga sundalo mula sa 1st IB at mga tangke de gera sa bayan ng Santa Maria simula Oktubre 1. Ipinakat ang mga tropa sa lugar sa tabing ng pagpapanatili ng seguridad sa bayan kaugnay ng halalang pambarangay.




**Atake sa mga progresibong kandidato**

Tulad sa nakaraan, target ng mga pwersa ng estado ang mga progresibo at makabayang kandidato sa eleksyong pambarangay.

Sa Batangas, tinangkang pigilan ng 59th IB ang pagkandidato ni Ronald Ramos bilang kapitan sa Barangay Macalamcam A, Rosario. Malisyosong inakusahan siyang may kaugnayan sa rebolusyonaryong kilusan sa prubinsya para bigyan-katwiran ang panunupil sa kanya.

Sa Bukidnon, mga tauhan mismo ng meyor ng bayan ng Quezon ang nakialam at nanira sa mga kandidatong aktibista. Takot ang alkalde na manalo sa poder ang ilang progresibo na maaaring makatuwang sa pakikibaka ng mamamayan para sa kanilang mga karapatan.

Nagpatakbo din ang National Task Force-Elcac ng ilang mga tau-tauhan nito sa Bukidnon. Pinatakbo at pinondohan ng mga ito ang mga traydor na "sumurender" sa syudad ng Malaybalay at Valencia. "Kulelat" o talong-talo lahat ang mga ito.

Kabi-kabila ang *Red-tagging* sa sulsol ng mga ahente ng estado sa maraming bahagi ng bansa. Naitala ang mga kaso nito sa Cebu City, sa Tondo, Manila at iba pang lugar. Namudmod ng mga polyeto sa magkakatabing bayan ng Pavia, Zarraga at Iloilo city sa Iloilo laban sa mga lider na nanguna sa mga pakikibakang masa sa kani-kanilang lugar.

Liban sa mga kaso ng karahasan at pagbili ng boto, binatikos ng grupong Kontra Daya ang pagsubok sa elektronikong sistema ng eleksyon sa dalawang barangay sa Cavite at isa sa Quezon City. Ayon sa grupo, ang paggamit sa elektronikong sistema ay magpapatindi lamang sa pandaraya sa eleksyon dahil mas madali itong maitatago. AB

# Iligtas ang Cancabato Bay sa reklamasyon

Sampung taon mula nang wasakin ng *storm surge* na dala ng superbagyong Yolanda ang syudad ng Tacloban, wala pa ring signipikanteng hakbang ang lokal na gubyerno para iwasang maulit ang sakuna. Sa halip, nagtulak pa ito ng proyektong reklamasyon na hindi lamang kabaligtaran sa paghahanda, kundi wawasak sa buong ekosistema ng Cancabato Bay at papatay sa kabuhayan ng maraming mangingisdang nakaasa rito.




Natambak sa look ang maraming kalat tulad ng mga sirang bahay, gamit at sasakyan na iniwan ng *storm surge*. Umapekto ito sa naaning isda at yamang dagat. Pero imbes na hawanin at linisin ang look, naging solusyon ng lokal na gubyerno ang tuluyan  itong tambakan at patayin.

Taong 2015 unang itinulak ng lokal na gubyerno ng Tacloban ang ₱3.46-bilyong proyektong Tacloban Causeway Project bilang pampigil diumano ng *storm surge*, solusyon sa trapiko, at pampalago ng turismo.  Kasama ito sa iba pang proyektong tulay at kalsada sa Samar at Leyte na itinulak Japan International Cooperation Agency. Bahagi ng pondong gagamitin sa konstruksyon ang mga utang ng Asian Development Bank at iba pang imperyalistang institusyon.

Target ng proyekto na maglatag ng 2.6-kilometrong haba at mahigit apat na metrong taas na *causeway* o nakaangat na sementadong daan sa *embankment* o baybay ng look mula sa sentro ng syudad (Magsaysay Blvd.) tungong Barangay San Jose (Kata-isan Point). Para magawa ito, tatambakan ng bato at lupa ang malalambot na bahagi ng baybay para maging tuntungan ng kalsada. Para hindi lubusang maharang ang daloy ng tubig, maglalagay ng mga *culvert* sa limang estratehikong pwesto ng istruktura.

Simula pa lamang ng proyekto, mariin na itong tinutulan ng apektadong mga residente at mangingisda. Hahawanin nito ang baybay kung saan nakapwesto ang kanilang mga bangka at pati na rin mga bahay. Batid nilang hindi ito kaiba sa patakaran ng syudad noong 2013 na "40-meter no build zone" o pagbabawal na magtayo ng bahay sa 40 metro mula sa baybay na nagpalayas sa kanila mula sa kanilang mga komunidad. Imbes na tunay na rehabilitasyon, ginamit ng gubyerno at kasabwat nitong dayuhang bangko ang bagyo para agawin sa mga mangingisda ang kanilang lupa, pati na rin ang baybay at look.

Ayon sa Save Kankabatoc Advocacy, isang alyansa ng mga residente, mangingisda at mga makakalikasang grupo, walang batayan ang sinasabi ng JICA at lokal na gubyerno na mga "benepisyo" at "pagtitipid" na matatamasa ng mga Taclobanon mula sa *causeway* at reklamasyon.

Hindi pipigil sa anumang *storm surge* ang *causeway*, ayon sa grupo. Ni wala ito sa tamang lokasyon. Sa halip, babarahin nito ang pagdaloy ng tubig palabas sa syudad na maaaring magresulta sa mas madalas at di huhupang mga pagbaha. Ipagkakait nito ang kabuhayan sa mahigit 1,000 mangigisda at kanilang mga pamilya. Hindi rin ito makareresolba sa trapiko dahil tumanggi nang pumasada ang mga drayber dito. Anila, wala namang silang makukuhang pasahero sa kahabaan nito. Malaking parte din ng kultura at kasaysayan ng Tacloban ang look.

Batid ng grupo na bahagi ang *causeway* sa mas masaklaw at masamang plano ng lokal na gubyerno na i-*reclaim* o tambakan ang 400 ektarya ng Cancabato Bay at "itransporma" ito sa sentral na distritong pangnegosyo. "Papatayin nito ang look, at ang buong ekosistema dito para bigyan-daan ang pagtatayo ng mga gusali at komersyal na sentro na pakikibangan pangunahin ng dayuhang negosyo," anito.

Hindi "patay" ang Cancabato Bay, tulad ng ipinipilit ng gubyerno para bigyan-katwiran ang mga proyektong reklamasyon. Noong 2003, idineklara pa ito ng lokal na konseho ng syudad bilang isang protektadong *reservation area*. Katunayan, may 3,649 mangingisda mula sa 16 barangay ang nabubuhay dito. Nagtataglay ito ng danggit, tahong, *seashell*, alimango at iba pang yamang dagat.  Mayroon itong natitirang 26 ektaryang bakawan.

Noong Oktubre 1 lamang, ipinatigil ng lokal na upisina ng Department of Environment and Natural Resources ang lahat ng operasyong reklamasyon sa look dulot ng kawalan ng angkop na mga permit nito at pagkasira ng protektadong bakawan. Sa kabila nito, patuloy na ipinagtatanggol ng meyor ng syudad na si Alfred Romualdez ang proyekto. AB

# Paghaharing militar ng 8th ID sa Samar

Sa malalayong barangay ng Samar, namamayani ang kamay na bakal ng 8th ID ng Armed Forces of the Philippines (AFP). Malayo sa mata ng publiko at midya, pinaiiral dito ang sirektong mga pagdukot, detensyon at pagkulong sa mga sibilyan sa kanilang mga komunidad at pagsasagawa ng samutsaring pang-aabusong militar. Buong kinubabawan ng mga yunit militar ang mga sibilyang awtoridad.

**Pagdukot at ekstrahudisyal na detensyon**

Hindi bababa sa 10 ang biktima ng pagdukot at sikretong detensyon sa kampo ng 8th ID sa Barangay Maulong, Catbalogan, Samar mula pa noong nakaraang taon. Nananatili silang nakapiit, hindi mabisita ng mga kaanak, at walang ligal na representasyon hanggang ngayon. Ipinailalim sila sa emosyonal, pisikal at mental na torytur ng berdugong mga sundalo.

Kabilang sa mga biktima sina Mariel Rebato at Monica Ogacho, kapwa mga bagong ina, at kanilang mga sanggol. Kasama nilang ikinulong sa kampo sina Marygrace Tambis Bicina, Renato Chokoy Rufo at tatlo pang dinukot ng militar noon ding Marso. Ang iba sa kanila ay dinampot mula sa inuupahang bahay sa Calbayog City noong pang Disyembre 2022.

Napag-alaman ng rebolusyonaryong kilusan ang kanilang kalagayan nang ilan sa mga dinukot ay pansamantalang pinalaya at nakapag-ulat sa BHB. Kabilang sa mga pinakawalan ang apat na Pulang mandirigma na inatasang magsilbing ahenteng militar.

**Kontrol ng militar sa buhay sibilyan**

Sa anim na bayan sa Northern Samar, animo'y mga bilangguan ang mga baryo at mga sundalo ang mga tagabantay.

Sa Silvino Lobos, kontrolado ng mga sundalo ang paglabas-masok ng mga residente sa kada baryo. Sinumang pupunta sa bukid o magtrabaho ay pipirma sa *logbook* at hinuhuli ang sinumang nasa labas na wala dito. Nakatakda kung ilang oras lamang maaaring lumabas.

Noong Abril, limang beses na binomba mula sa himpapawid at inistraping ang Barangay Senonogan de Tubang, Silvino Lobos noong Abril. May araw na limang beses isinagawa ang pambobomba, gamit ang 10 *rocket*, kasabay ang apat na beses na pagpapasabog ng kanyon at pang-iistraping. Tatlong magsasaka ang direktang pinaputukan ng mga sundalo. Liban dito, laganap ang mga krimen ng militar tulad ng pagnanakaw ng manok at kagamitang pambukid, pagsira sa bahay, pagwasak sa mga pananim, at iligal na detensyon.

Halos pareho ang kalagayan sa mga bayan ng Las Navas at Catubig kung saan nakapakat naman ang 3rd IB, 20th IB at 19th IB. Bantay-sarado ang lahat ng dinadala ng mga magsasaka sa bukirin. Sa ilang baryo, bawal maglabas ng kahit isang lata ng bigas kung hindi ito luto at nakalagay sa baunan.

Sa Mapanas, Gamay at Palapag, higit na mas mahigpit ang paghaharing militar ng 74th IB. Ipinalilista ng mga sundalo ang eksaktong lugar na pupuntahan ng magsasaka at kinukunan sila ng litrato. Pinagbabawalan silang magdala ng bigas sa bukid at dapat ang sardinas na babaunin ay nakalagay sa baunan. Arbitraryong ipinatutupad ang mga *lockdown* sa tabing ng paghahawaan ng Covid-19 kahit hindi totoo.

Sa gabi, paisa-isang iniikot ang bawat bahay upang bilangin ang mga taong tumutuloy dito. Kung mag-iba ang bilang, papanagutin ang upisyal ng barangay. Tinitiktikan at sikretong pinapakinggan ang usapan ng mga tagabaryo sa kanilang mga bahay. Pinapalista sa mga tindahan ang lahat ng binibili dito para kanilang mabantayan.

**Limang taon ng MO 32**

Sa nakaraang limang taon, tumindi ang karahasang militar sa Eastern Visayas. Gamit ang Memorandum No. 32, apat na batalyon ang ipinakat sa rehiyon sa pagitan ng Disyembre 2022 at Pebrero para "gapiin" ang "natitirang apat na aktibong larangang gerilya" sa hilagang bahagi ng Samar. Dagdag ang mga ito sa tatlong brigada ng 8th ID na kasalukuyang pinamumunuan ni Maj. Gen. Camilo Z. Ligayo.

Kung tutuusin, wala nang batayan ang Memorandum 32 na unang ipinataw ng rehimeng Duterte noong noong Nobyembre 22, 2018. Ito ay dahil tinanggal na ang "state of national emergency" sa Mindanao noong Hulyo 27 na nagsilbing batayan nito. AB

